May Lote Na Ako

Nagpapasalamat ako sa Diyos, sasamahan dahil sa madaling pagtanggap sa akin, at sa National Housing Authority

April 1996 nang dumating ako sa Davao City galing ng Magpit, North Cotabato. Problema ko talaga ang bahay na titirhan. Nangupahan lang ako at nahirapan dahil sa maliit na suweldo.

Hanggang sa may narinig ako na may samahan na tumatanggap pa ng miyembro. Iyon ay ang San Rafael People's Homeowners' Association (SARPHA). Ito'y pinuntahan ko kaagad at ako'y agad namang tinanggap sa pamamagitan ni Mr. Armando Amancio, na siyang naging Presidente noon. Agad akong nagbayad ng downpayment. At ako'y naitalaga sa Blk 6 Lot 16. Matapos ang isang taon ay pinatayuan ko agad ng bahay na siyang tinitirhan ko ngayon.

Nagpapasalamat ako sa Diyos, sa samahan dahil sa madaling pagtanggap sa akin, at sa National Housing Authority na siyang naging tulay para ma-release ang pondong P1.8 milyon sa Congressional Fund ni dating Congressman Rodrigo Roa Duterte, na Presidente na ngayon ng ating bansa, para sa land acquisition ng SARPHA.

Ngayon ay may lote at bahay na ako. Aktibong miyembro ng SARPHA at di akalian na magiging Pangulo ng samahan ngayon. Salamat sa biyayang ito.

The Writer

JEOLITO S. FUENTES
SARPHA Village Inc.
Sitio Felomina, Catalunan Grande, Davao City
Board Member 2012
SARPHA Village Inc. President 2017-Dec.2020